

Paano kung hindi ko gustong mag-apply sa anuman? Kung wala kang aktibong coverage sa pangangalagang pangkalusugan o hindi ka nag-apply para sa programa ng tulong pinansyal para mabayaran ang halaga ng iyong mga serbisyo, maaari kang maging responsable para sa lahat ng singil. **TANDAAN:** Para sa mga serbisyong outpatient, maaaring available ang opsyon na flat-rate para sa mga residente ng LA County.

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga presyo sa aming ospital, bisitahin ang aming website ng LA Health Services sa <https://dhs.lacounty.gov/> at pumunta sa page na Patient Information/Hospital Price Transparency (Impormasyon ng Pasyente/Transparency sa Presyo ng Ospital).

Mangyaring makipag-ugnayan sa aming mga tauhan para talakayin ang iyong mga opsyon at para makakuha ng tulong sa pag-a-apply para sa coverage. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Health Consumer Alliance (HCA) para sa libreng legal na impormasyon at payo tungkol sa medikal na kautangan at coverage ng insurance sa kalusugan. Isang network ng mga programa ng tulong sa consumer ang HCA na pinamamahalaan ng mga organisasyong serbisyong legal na nakabatay sa komunidad. Bisitahin ang <https://healthconsumer.org/> o tumawag sa (888) 804-3536 para sa higit pang impormasyon.

Programa sa Reklamo sa Bayarin sa Ospital

Ang Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital (Hospital Bill Complaint Program) ay isang programa ng estado, na nagsusuri sa mga desisyon ng ospital kung kuwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bayarin sa ospital. Kung naniniwala ka na mali ang pagkakait sa iyo ng pinansiyal na tulong, maaari kang maghain ng reklamo sa Programa sa Reklamo sa Bayarin sa Ospital. Pumunta sa <https://hospitalbillcomplaint.hcai.ca.gov/> para sa higit pang impormasyon at upang maghain ng reklamo.

Para makipag-ugnayan sa aming mga tauhan, mangyaring tawagan kami sa:

844-804-0055, Opsyon 6

o

Bisitahin ang aming website ng LA Health Services, <https://dhs.lacounty.gov/>



Website ng LA Health Services



Kumuha ng Coverage at Abot-kayang Pangangalaga



@WeAreLAHealth | @LAHealthEnEspanol



Kumuha ng Coverage at Abot-kayang Pangangalaga



Get Coverage and Affordable Care (Tagalog)

Tinutulungan ng Mga Serbisyon Pangkalusugan ng Los Angeles County ang aming mga pasyente na makakuha ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan at mayroon itong Mga Programa sa Tulong Pinansyal para gawing abot-kaya ang pangangalaga.

Makipag-usap sa aming mga tauhan para matuto nang higit pa tungkol sa iyong mga opsyon at para makakuha ng tulong sa pag-a-apply para sa coverage. Karamihan sa mga lokasyon ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00am – 4:00pm. Mangyaring tawagan kami sa 844-804-0055, Opsyon 6.

Bisitahin ang aming website ng LA Health Services, <https://dhs.lacounty.gov/>

Anong mga opsyon ang mayroon para makatulong sa aking medikal na bayarin?

Ang pinakamahasag na opsyon ay kumuha ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan.

Nag-aalok ang Medi-Cal ng libre o murang coverage na karaniwang nakabatay sa kita para sa mga residente ng California. Makipag-usap sa aming mga tauhan para makakuha ng tulong sa pag-a-apply para sa Medi-Cal, kabilang ang walang bayad na pansamantalang coverage ng Medi-Cal.

Ang Covered California ay isa pang opsyon na tumutulong sa iyong bumili ng pribadong insurance sa kalusugan. Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong pinansyal. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal o Covered CA, bisitahin ang: <https://www.coveredca.com/> o tumawag sa 1-888-975-1142.

Kailangan ko bang mag-apply para sa Medi-Cal kung maaari akong maging kwalipikado? Oo. Mahalaga ang pakikipagtulungan sa proseso ng aplikasyon ng Medi-Cal, kung kwalipikado ka. Pinakamagandang opsyon ang pagkakaroon ng coverage sa pamamagitan ng Medi-Cal. Sinasaklaw ng Medi-Cal ang Mahahalagang Benepisyo para sa Kalusugan, tulad ng mga serbisyon outpatient, mga serbisyon

pang-emergency sa anumang ospital, hindi lang sa mga pasilidad ng County, mga pananatili sa ospital ng inpatient, mga serbisyo sa ngipin, at higit pa.

May ibang programa sa coverage na sumasaklaw sa mga partikular na serbisyo o kondisyong medikal, na maaaring ialok sa iyo sa panahon ng pagpapatingin.

Nag-aalok din kami ng tulong pinansyal at tulong sa mga medikal na bayarin sa mga pasyenteng hindi kwalipikado para sa coverage, na limitado lang ang coverage, o may coverage na may matataas na medikal na gastusin. Ang aming pangunahing programa sa tulong pinansyal para sa mga residente ng LA County ay tinatawag na “Programa sa Kakayahang Magbayad (Ability to Pay Program)” o “ATP”. May bisa ang aplikasyon para sa isang taon.

Ano ang saklaw ng ATP? Medikal na kinakailangang pangangalaga, sa lahat ng lokasyon ng LA Health Services, kabilang ang:

- Mga pagbisita sa klinika ng outpatient, kabilang ang mga serbisyo sa ngipin
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, radiology, at mga gamot
- Pangangalaga sa ospital bilang inpatient
- Mga pagbisita sa Emergency Room (ER)
- Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment, DME) at Mga Supply

Magkano ang gagastusin?

- Maraming pasyente ang maaaring makatanggap ng **libreng** pangangalaga o magbayad ng **mabababang halaga** na \$20 sa isang buwan para sa pangangalagang outpatient.
- Nagbabayad ang ilang tao na may mas mataas na kita ng binawasang gastos batay sa sliding scale.
- Nagbabayad ang mga pasyente ng:
 - **Isang halaga para sa bawat pag-admit ng inpatient**, gaano man katagal mananatili sa ospital ang pasyente.

- **Isang halaga bawat buwan para sa pangangalagang outpatient**, gaano man karaming pagbisita o serbisyon outpatient ang mayroon ang pasyente sa isang buwan.

- Para makita kung magkano ang maaaring gagastusin mo, i-scan ang QR code para ma-access ang Talahanayan ng Gastusin sa Programa ng ATP.



Talahanayan sa Gastusin ng Programa ng ATP

Para sa mga pasyenteng hindi nakatira sa LA County, ang programa sa tulong pinansyal ay tinatawag na “Programa sa May Diskwentong Pagbabayad.” Sinasaklaw nito ang mga hindi residente ng LA County hanggang sa 400% Pederal na Antas ng Kahirapan. Ang gastos para sa mga serbisyo ay 5% diskwento sa mga singil o kung ano ang babayaran ng Medi-Cal (alinman ang mas mababa). Saklaw ang mga pagpapatinging inpatient, pang-emergency, at outpatient sa mga lokasyon ng LA Health Services.

Naaapektuhan ba ang aking katayuan sa imigrasyon sa pamamagitan ng pag-a-apply para sa mga programa ng tulong pinansyal? Hindi. HINDI nag-uulat ang County ng mga pasyente sa Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng US (US Citizenship and Immigration Services). Hindi rin isinasaalang-alang ang katayuan sa imigrasyon sa proseso ng aplikasyon para sa tulong pinansyal.

Maaari ba akong makakuha ng mas maraming oras para bayaran ang aking bayarin? Oo – Kung mayroon kang bayarin at hindi mo kayang bayaran ang halaga na iyong dapat bayaran sa loob ng 30 araw, ang aming Pinahabang Plano ng Pagbabayad ay maaaring gamitin para mag-set up ng buwanang plano sa pagbabayad sa loob ng makatuwirang panahon.